Kia ora e te Whānau

**Learning Conferences 2025**

Inaanyayahan po namin kayong makilahok sa Learning Conferences 2025 at nagpapasalamat kami sa inyong pakikiisa para matulungan ang mga estudyante ng Naenae College na magtagumpay sa kanilang pag-aaral at magkaroon ng magandang kinabukasan. Naniniwala kami na ang pagtitipon na ito ay makakatulong sa mas matibay na samahan ng mga estudyante, mga magulang o tagapag-alaga, at ng paaralan.

Ang Learning Conferences ay gaganapin sa Martes, Marso 18, at Miyerkules, Marso 19. Dito, magkakaroon ng 20 minutong pag-uusap sa pagitan ng magulang, ng estudyante, at ng kanilang LAR teacher (guro nila sa Learning Advisory Roopu). Ang schedule ng pagpupulong ay mula 2:00 PM hanggang 5:00 PM at 5:30 PM hanggang 7:30 PM, kung saan ang huling schedule ay 7:10 PM. Sa dalawang araw na ito, matatapos ang klase ng 12:30 PM.May maikling LAR session muna at kakain ang mga bata bago ang uwian.

Bukas na ang booking para sa Learning Conferences sa SchoolBridge at magsasara ito sa Lunes, Marso 17, 3:30 PM. Kung hindi mo pa ito naida-download, may kasama kaming gabay kung paano ito gawin. Mahalaga ang SchoolBridge dahil dito tayo magpapalitan ng impormasyon sa pagitan ng paaralan at mga magulang. Para mag-book, buksan ang SchoolBridge, i-click ang conferences button, piliin ang LAR Teacher - Parent Meeting, at sundin ang mga hakbang. May inilagay din kaming screenshot bilang gabay.

Inaasahan namin ang iyong pagpunta kasama ang iyong anak sa mahalagang pagpupulong na ito! Malaking tulong ito para sa kanilang pag-aaral at kinabukasan.

Ngā mihi

Katherine Stokes
Deputy Principal